Mental Health America of San Diego County

PROGRAMA SA PAGKAMAKATARUNGAN SA KAGALINGAN

MGA PROYEKTO PARA SA MALUSOG NA PAMUMUHAY NG CALFRESH

Takdang Panahon ng Aplikasyon: ika-29 ng Pebrero 2024
Mangyaring makipag-ugnayan kay Allie McMullen sa amcmullen@mhasd.org

LIVE WELL SAN DIEGO

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

ACCREDITED HEALTH DEPARTMENT • PUBLIC HEALTH ACCREDITATION BOARD • PHAB Advancing public health performance

Buod

Pinopondohan ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan ang mga proyekto sa pagpapabuti sa komunidad na nagpapataas ng pagkonsumo, pag-access, at seguridad ng masusustansyang pagkain at inumin, habang pinapataas din ang pisikal na aktibidad sa mga kapaligiran kung saan nakatira, natututo, at naglalaro ang mga tao. Maglilingkod ang mga recipient sa mga komunidad na mga kalahok sa SNAP at mga indibidwal na may mababang kita na kwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo ng SNAP o iba pang programang tulong ng Pederal na nasubok sa paraan, na nangangahulugan ng pagkakaroon ng kita ng sambahayang mas mababa sa o katumbas ng 185% ng Mga Pamantayan ng Pederal sa Pagiging Mahirap (Federal Poverty Guidelines).

Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng mga posibleng proyekto, ngunit hindi limitado sa ang:

- Ginagawang mas madaling ma-access ang sariwang ani
- Pagpapalawak o pagpapahusay sa mga taniman ng komunidad o lokal na sakahan
- Pagdaragdag ng access sa mga pagkakataon sa pisikal na aktibidad
- Pagtulong sa mga bata na magkaroon ng malusog at masayang pamumuhay
- Mga proyekto sa pag-iwas sa sobrang katabaan
- Mga abot-kayang klase ng fitness
- Anumang bagay na maaaring kailanganin ng iyong komunidad na naaayon sa mga layuning ito

Naghahanap kami ng mga proyektong nag-aalok ng mga malikhaing solusyon para mapabuti ang katarungang pangkalusugan, magkaroon ng mataas na epekto sa komunidad, magsulong ng malusog, aktibo, at masustansyang pamumuhay, at pinakamainam, sa pagiging likas-kaya na higit pa sa paunang pagpopondo.

Background:

Tumatanggap ng pagpopondo ang Ahensya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency, HHSA) ng County ng San Diego mula sa SNAP-Ed ng Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos (United States Department of Agriculture, USDA), sa pamamagitan ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH) para sa Malusog na Pamumuhay ng CalFresh. Ang layunin ng pagpopondo ay pahusayin ang posibilidad na ang mga taong kwalipikado para sa SNAP ay gagawa ng mga pagpipilian ng masusustansyang pagkain sa loob ng limitadong badyet at pipili ng mga pisikal na aktibong pamumuhay na naaayon sa kasalukuyang DGA at patnubay sa pagkain ng USDA.

Ang Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan, isang programa ng PHS, sa pakikipagtulungan ng Mental Health America of San Diego, ay magkakaloob ng pondo para sa mga piling organisasyong pangkomunidad para maging mga subcontractor na nakatuon sa pagtataguyod ng malusog, aktibo at masustansiyang pamumuhay. Makatanggap ng hanggang **$25,000** para masuportahan ang iyong proyekto o venture.

Isa kang mahusay na akma para sa Programa sa Pagpopondo ng Subcontactor para sa Malusog na Pamumuhay ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan kung ikaw ay:

- Nakabase sa County ng San Diego. Nagsisilbi ang proyekto sa mga kwalipikadong populasyon (inilarawan sa ibaba)
- Isang mahalagang bahagi ng iyong komunidad sa pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon na may kaugnayan sa malusog na pamumuhay at pagtaas ng kaalaman tungkol sa kagalingan.
- Magkaroon ng malinaw na ideya tungkol sa isang proyektong naaayon sa aming mga layunin sa programa, at handang kumilos ang iyong organisasyon.
- Masigasig sa paglikha ng pagbabago sa iyong komunidad.

Mga Detalye sa Pagpopondo ng Subcontractor:

Mga Petsa at Takdang Panahon ng TBD

Para mag-apply, mangyaring isumite ang isa sa mga sumusunod na paraan:

1. I-email ang aplikasyon sa amcmullen@mhasd.org

2. Ipadala sa mail sa:
   Mental Health America of San Diego
   ATTN: Wellness Equity Program
   4069 30th St, San Diego, CA 92104, USA

Proseso ng Aplikasyon

Susuriin at tatasahin ang lahat ng aplikasyon sa Komite ng Pagpapayo ng Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan (WEP), na pinangangasiwaan ng Mental Health America San Diego. Ang mga kawani ng Mental Health America San Diego (WEP) ang may huling desisyon sa proseso ng pagpili.

Pagiging Kwalipikado

- Dapat nasa County ng San Diego ang proyekto.
- Dapat isulong ng proyekto ang malusog, aktibo, at masustansyang pamumuhay sa mga kwalipikadong komunidad.
- Dapat may kakayahan ang mga aplikanteng matugunan ang mga kinakailangan sa kontrata, tulad ng mga pagsusuri sa background, na isinangguni sa ibang tuntunin at kondisyon.
- Dapat magsilbi ang proyekto sa **sa mga indibidwal na kwalipikado sa SNAP-Ed**, partikular na ang mga kalahok sa SNAP at iba pang indibidwal na mababa ang kita na kuwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo ng SNAP o iba pang programang tulong ng Pederal na nasubok sa paraan. Kasama rin dito ang mga indibidwal na naninirahan sa mga komunidad na may makabuluhang (50 porsiyento o higit pa) na populasyon na mababa ang kita. Ang terminong "**mga programang tulong ng Pederal na nasubok sa paraan**" para sa mga layunin ng Pagpatnubay na ito ay tinukoy bilang mga Pederal na programang nangangailangan ng kita at/o mga ari-arian ng isang indibidwal o pamilyang nasa o mas mababa sa 185 porsiyento ng Pederal na Antas sa Pagiging Mahirap (Federal Poverty Level, FPL) para maging kwalipikado para sa mga benepisyo. Maaaring may karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado para matanggap ang mga programang ito, na nagbibigay ng cash at hindi cash na tulong sa mga kwalipikadong indibidwal at pamilya.

Paggamit ng Mga Pondo

- Maaaring gamitin ang mga pondo para sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng negosyo ng programa.
- Dapat magsumite ang mga aplikante ng isang detalyadong badyet ng pangkalahatang gastos sa pagpapatakbo.
- Dapat gastusin ang pondo bago ang Mayo 21, 2024.

Iba pang Tuntunin at Kondisyon

- Magpapasa ang mga aprubadong aplikante ng mga buwanang ulat sa pag-unlad sa tagapag-ugnay ng programa ng WEP.
- Kailangang lagdaan ng mga aprubadong aplikante ang Kasunduan ng Subcontractor sa Mental Health America of San Diego (MHASD) na may mga tuntunin at kondisyong iniatas ng County ng San Diego para sa Mga Proyektong Nakadirekta sa Pagpapabuti sa Komunidad para matugunan ang Mga Pagkakaiba-iba sa Kalusugan. (Appendix A, kasama ang Artikulo 1, Pagganap ng Trabaho, mga seksyong 1.1-1.7).
- Dapat lumahok sa isang serye ng pagbuo ng kapasidad at mga workshop sa pagpapaunlad ng organisasyon na magpapataas ng pagiging likas-kaya at magbibigay ng pagpapaunlad ng pamumuno.
- Maaaring kailanganing dumalo sa pagpupulong ng Komite ng Pagpapayo ng WEP para gumawa ng ulat sa pag-unlad o presentasyon sa iyong pinondohang proyekto.
- Para sa edukasyon sa nutrisyong ibinigay sa ilalim ng kontratang ito, ang lahat ng kurikulum at materyales ay dapat magmula sa mga aprubadong mapagkukunan gaya ng website ng USDA SNAP-Ed Connection o ang listahan ng Mga Inaprubahang Materyales sa Edukasyon sa Nutrisyon (Approved Nutrition Education Materials) ng NEOPB. Maaari mong ma-access ang website ng SNAP-Ed Connection sa https://snaped.fns.usda.gov/.

Maaaring mag-email ang mga aplikante sa amcmullen@mhasd.org *o tawagan siya nang direkta sa (619) 727-3044 para sa anumang tanong*

Mental Health America of San Diego

Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan – Mga Proyekto para sa Malusog na Pamumuhay ng CalFresh – Aplikasyon ng Subcontractor

Pangalan ng Organisasyon/Grupo: _____

Address: _____

Lungsod/Zip: _____

Taong Makakaugnayan/Titulo: _____ **Telepono:** _____

Email: _____ **Rehiyon ng San Diego:** _____

Hiniling na Halaga (hanggang $25,000): _____

Lagda:

_____

Pangalan ng Proyekto: _____

_____

Buod ng Panukala: Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan ng proyektong hinahanapan mo ng pagpopondo:

Mental Health America of San Diego County

Programa sa Pagkamakatarungan sa Kagalingan – Mga Proyekto para sa Malusog na Pamumuhay ng CalFresh

SALAYSAY NG PANUKALA

Mangyaring sagutin ang mga tanong sa nakalaan na espasyo. Dapat na hindi hihigit sa tatlong pahina ang salaysay (hindi kasama ang badyet).

1. **Maikling ilarawan ang iyong grupo/organisasyon at ang misyon nito.**

2. **Aling komunidad ang pagsisilbihan ng proyektong ito (maging tiyak at isama ang anumang nauugnay na demograpikong impormasyon tungkol sa lahi/etnisidad, mga zip code, atbp.)?**

3. **Ano ang mga pangangailangan ng iyong populasyon at paanong natatanging tutugon sa kanila ang proyektong ito?**

4. **Mangyaring ilarawan kung bakit pinakaangkop ang iyong organisasyon para ipatupad ang proyektong ito.**

5. **Sabihin sa amin kung ano sa tingnin ng iyong organisasyon ang mga kalakasan at hamon ng mga komunidad.**

6. **Paano madaragdagan ng proyektong ito ang pagkonsumo, pag-access, at seguridad ng masusustansyang pagkain at inumin o pagtaas ng pisikal na aktibidad sa mga kapaligiran kung saan nakatira, natututo, at naglalaro ang mga tao?**

Mental Health America of San Diego County

7. **Paano makatutulong ang iminungkahing proyekto ng iyong organisasyon sa pagpapabuti ng kalusugan at kagalingan sa komunidad?**

8. **Kung iginawad ang grant, ano ang plano ng iyong organisasyon para mapanatili ang mga benepisyo ng proyektong ito sa hinaharap?**

9. **Maikling ibahagi ang kwento ng iyong programa/organisasyon sa pamamagitan ng video o audio na pagkukuwento (hindi hihigit sa 2 minuto).**

10. Badyet – Mangyaring maglakip ng iminungkahing badyet (1 pahina o mas kaunti) na nagsasaad kung paano gagamitin ang mga pondo.

Sinusuportahan ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Centers for Disease Control and Prevention of the U.S. Department of Health and Human Services, CDC/HHS) bilang bahagi ng gawad ng tulong sa pananalapi na may kabuuang $24,255,805 na 100 porsiyentong pinondohan ng CDC/HHS. Ang mga nilalaman ay yaong sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, o pag-endorso, ng CDC/HHS, o ng Gobyerno ng U.S. Sinusuportahan ng gawaing ito ang *Live Well San Diego (Mabuhay Nang Mabuti San Diego)*, ang bisyon ng County para sa rehiyong Bumubuo ng Mas Mabuting Kalusugan, Ligtas na Pamumuhay, at Umuunlad.



LIVE WELL SAN DIEGO

COUNTY OF SAN DIEGO
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

ACCREDITED HEALTH DEPARTMENT · PHAB · PUBLIC HEALTH ACCREDITATION BOARD